## Si Jonah at ang Malaking Isda

(Jonah 1-3)



Inutusan ng Diyos si Jonah na pumunta sa malaking lungsod ng Nineveh upang sabihin sa mga tao na tumigil na sila sa paggawa ng kasamaan. Ngunit ayaw ni Jonah sumunod sa Diyos. Sa halip, siya ay tumakbo at nagtago sa Diyos. Sumakay siya sa isang malaking barko na papunta sa malayong lugar.

Habang nasa barko si Jonah, dumating ang isang malakas na bagyo! Umihip ang malakas na hangin at nagdulot ng malalakas na hampas ng mga alon, at ang barko ay naalog ng malakas. Natakot ang mga mandaragat sa barko. Akala nila ay lulubog na ang barko! Kaya naman inihulog nila sa dagat ang mga kargamento para gumaan ang sasakyan. Samantala, si Jonah naman ay mahimbing na natutulog sa isang sulok sa ibabang palapag ng barko. Nilapitan at ginising siya ng kapitan at sinabihang manalangin siya sa kanyang Diyos upang sila ay iligtas mula sa kamatayan. Tinanong nila si Jonah, "Bakit nangyayari ito?" Sa huli, napagalaman ng lahat na si Jonah ang dahilan ng nangyayari.

Sinabi ni Jonah sa kanila na siya ay tumatakas mula sa Diyos, "Kung ihahagis ninyo ako sa dagat, titigil ang bagyo." Ayaw ng mga mandaragat gawin ito, ngunit lalong lumakas ang bagyo. Kaya, maingat nilang inihagis si Jonah sa dagat. Pagkahulog ni Jonah sa tubig, humupa ang bagyo! Tumahimik ang dagat, at namangha ang mga marinero.

Pero alam niyo ba? Nagpadala ang Diyos ng isang malaking isda para lunukin si Jonah! Nasa loob si Jonah ng tiyan ng malaking isda ng tatlong araw at tatlong gabi. Sa loob ng madilim na tiyan ng malaking isda, nagdasal si Jonah sa Diyos. Sinabi niya sa Diyos na siya ay nagsisisi saapagkat hindi siya nakinig sa Diyos.

Dininig ng Diyos ang mga pananlangin ni Jonah at inutusan ang malaking isda na iluwa si siya sa tuyong lupa. Lubos na nagpasalamat si Jonah! Sa pagkakataong ito, sumunod si Jonah sa utos ng Diyos. Pumunta siya sa Nineveh at sinabi sa mga tao na tumigil na sa paggawa ng masama. Nakinig ang mga tao kay Jonah, at sila ay tumalikod sa kanilang masamang gawain.

Nakita ng Diyos ang kanilang pagtalikod sa kasamaan kaya hindi na Niya sila pinarusahan.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC. • 2015 •

Ang Diyos ay mahaba ang pasensya at nagmamalasakit sa atin, kahit na tayo ay nagkakamali. Pinapatawad niya tayo kapag nagsisisi tayo at nagpasiyang makinig at sumunod sa Kanya. Katulad sa kwento nang Siya ay nagpatawad at nagpakita kung gaano ang Kaniyang malasakit kay Jonah at mga taga-Nineveh.

